

Pinagtibay ng Konseho ng Vaughan ang 0% na pagtaas ng buwis sa ari-arian

VAUGHAN, NOONG (Pebrero 24, 2026) – Paghahatid ng zero percent na pagtaas sa buwis sa ari-arian sa lokal na antas habang ginagawang mas abot-kaya ang buhay, inuuna ang kaligtasan ng komunidad, at nilalabanan ang pagsisikip ng trapiko. Ito ang pokus ng [2026 Budget ng Lungsod ng Vaughan at 2027 hanggang 2030 Capital Plan](#), na pinagtibay ng Konseho ng Vaughan noong Pebrero 24 sa isang pagpupulong ng Espesyal na Konseho (Budget).

Ang Vaughan ang tanging munisipalidad na may iminungkahi o inaprubahang zero percent na pagtaas ng rate ng buwis sa York Region at sa Greater Toronto Area (GTA). Nangangahulugan ito na walang tataas sa iyong rate ng buwis sa ari-arian na bahagi ng Lungsod ngayong taon.

Ang iyong bayarin sa buwis sa ari-arian ay nahahati sa tatlong bahagi: Lungsod ng Vaughan, York Region, at mga lokal na lupon ng paaralan (Lalawigan ng Ontario para sa mga layunin ng edukasyon). Ang mga rate ng buwis sa ari-arian sa rehiyon at edukasyon ay itinakda ng York Region at ng Lalawigan ng Ontario, ayon sa pagkakabanggit. Ang Lungsod ng Vaughan ay legal na inaatasan na mangolekta ng mga buwis sa ngalan ng York Region at mga lokal na lupon ng paaralan. Para malaman ang tungkol sa budget ng York Region, bisitahin ang yorkregion.ca/budget. Para malaman ang tungkol sa budget ng Lalawigan ng Ontario, bisitahin ang ontario.ca/budget.

Narito ang lahat ng kailangan mong malaman tungkol sa 2026 Budget ng Lungsod:

Budget sa pagpapatakbo na sinusuportahan ng buwis sa ari-arian

Ang kabuuang budget sa pagpapatakbo na sinusuportahan ng buwis sa ari-arian para sa 2026 ay \$434.4 na milyon.

Budget ng kapital

Ang budget ng kapital para sa 2026 ay humigit-kumulang \$290.5 milyon, at ang capital plan para sa 2027 hanggang 2030 ay humigit-kumulang \$1.1 bilyon.

Ang 2026 Budget at 2027 hanggang 2030 Capital Plan ay kinabibilangan ng:

- **\$659.9 na milyon para sa mga proyekto ng kapital sa pagtatayo ng Lungsod** na nagtatayo ng isang lungsod na may pandaigdigang antas batay sa mahusay na

pagpapalano at mga prinsipyo ng disenyo ng lungsod, na nagtataguyod ng kagalingan ng komunidad.

- **\$503.9 na milyon para sa mga proyekto ng kapital sa Transportasyon at Mobilidad** na magpapabuti sa pagiging maaasahan at kaligtasan ng network ng kalsada at imprastruktura ng Vaughan.
- **\$91.6 na milyon para sa mga proyekto ng kapital para sa Pagpapanatili ng Kapaligiran** na nagpoprotekta sa kapaligiran at nagtataguyod ng napapanatiling kinabukasan sa pamamagitan ng mga inisyatibong panlipunan at pang-ekonomiya.
- **\$53.6 na milyon para sa mga proyekto ng kapital na nakatuon sa Kahusayan sa Serbisyo at Pananagutan** na nagbibigay ng natatanging mga serbisyong nakatuon sa residente sa pamamagitan ng patuloy na pagpapabuti, inobasyon, malinaw at responsableng paggawa ng desisyon, responsableng pamamahala sa pananalapi, at epektibong administrasyon at komunikasyon.
- **\$44.1 milyon para sa mga proyekto ng kapital para sa Kaligtasan at Kagalingan ng Komunidad** na nagtataguyod ng mataas na kalidad ng buhay sa Vaughan sa pamamagitan ng ligtas at malusog na mga komunidad.
- **\$25 milyon para sa mga proyekto ng kapital para sa Aktibo, Nakikibahagi, at Inklusibong Komunidad** na titiyak na ang Vaughan ay masigla, magkakaiba, inklusibo, at nakabatay sa pagkakapantay-pantay na komunidad para sa lahat.
- **\$300,000 para sa Kaunlarang Pang-ekonomiya at Paglikha ng Trabaho** na magpapasiklab ng kaunlarang pang-ekonomiya at magpapaunlad sa Vaughan bilang isang Lungsod na may malawak na negosyo.

Budget para sa tubig, nagamit nang tubig, at tubig-ulan

Ang rate sa tubig at nagamit nang tubig at ang budget para sa programang pang-operasyon na sinusupportahan ng rate sa tubig-ulan para sa 2026 ay \$217.8 milyon sa kabuuang gastos.

Nangangahulugan ito na:

- ang pinagsamang pagtaas ng rate sa tubig at nagamit nang tubig noong 2026 ay \$0.1777 kada metro kubiko, o 3.3 percent, kumpara sa pinagsamang rate sa tubig at nagamit nang tubig noong 2025. Ang epekto sa isang nagbabayad ng rate na kumokonsumo ng 240 metro kubiko kada taon ay magiging \$42.65 taun-taon o \$3.55 kada buwan.
- ang rate sa tubig-ulan sa 2026 ay tataas ng average na 9.5 percent ng rate sa 2025. Ang epekto para sa isang residensiyal (mababang densidad) na ari-arian ay aabot sa \$3.05 bawat yunit bawat taon.

Alamin ang higit pa sa pamamagitan ng pagbabasa sa [2026 Budget at 2027 hanggang 2030 Capital Plan](#) (PDF) o sa pamamagitan ng pagbisita sa vaughan.ca/budget.

PANIPI

“Bilang Mayor, trabaho kong tiyakin na ang Vaughan ay mananatiling isang ligtas, sigurado, at abot-kayang komunidad. Kaya naman lubos akong natutuwa na pinagtibay ng Konseho ang 2026 Budget at 2027 hanggang 2030 Capital Plan na walang pagtaas ng buwis sa ari-arian at walang pagbawas sa serbisyo na iminungkahi ko. Binibigyan namin kayo ng kaunting ginhawa mula sa mga presyur sa pananalapi, nilalabanan ang pagsisikip ng trapiko, at gumagawa ng mga tunay na pamumuhunan upang mapahusay ang kaligtasan ng komunidad. Ipinapakita ng budget na ito na mayroon kayong Mayor at Konseho na nakatuon sa mga tamang prayoridad, habang binibigyan din kayo ng pahinga. Salamat sa lahat ng nagbahagi ng mga ideya at feedback sa buong proseso ng budget na ito. Maaasahan ninyong patuloy akong lalaban para sa inyo at maghahatid ng mga resulta.”

- Mayor Steven Del Duca

MABIBILIS NA KATOTOHANAN

- Ang 2026 Budget ng Lungsod ng Vaughan at ang 2027 hanggang 2030 Capital Plan ay pinagtibay sa pagpupulong ng Espesyal na Konseho (Budget) noong Pebrero 24.
- Kasama sa Budget ng 2026 ang zero percent na pagtaas ng buwis sa ari-arian. Dahil dito, **ang Vaughan ang tanging munisipalidad na may iminungkahi o inaprubahang zero percent na pagtaas ng rate ng buwis sa York Region at sa Greater Toronto Area (GTA).**
- Ang iyong rate ng buwis sa ari-arian ay maaaring nasa isang sobre ng Lungsod ng Vaughan, ngunit nahahati ito sa tatlong bahagi: York Region, Lungsod ng Vaughan at mga lokal na lupon ng paaralan (Lalawigan ng Ontario para sa mga layunin ng edukasyon). Ang mga bahagi ng rehiyon at edukasyon ay itinatakda ng York Region at ng Lalawigan ng Ontario, ayon sa pagkakabanggit. Para malaman ang tungkol sa budget ng York Region, bisitahin ang yorkregion.ca/budget. Para malaman ang tungkol sa budget ng Lalawigan ng Ontario bisitahin ang ontario.ca/budget.
- Ang 2026 Budget ay naaayon sa Ontario [Bill 3, Strong Mayors, Building Homes Act, 2022](#) ng Pamahalaan ng Ontario.
- Ang mga pagpupulong upang talakayin ang 2026 Budget ay ginanap sa Kamara ng Konseho sa Bulwagan ng Lungsod ng Vaughan noong Pebrero 4 at Pebrero 24 na may mga opsiyon para sa publiko na magkaroon ng kanilang sariling opinyon.

ALAMIN ANG HIGIT PA

- [Webpage budget](#) ng Lungsod ng Vaughan.
- [2026 Budget ng Lungsod ng Vaughan at 2027 hanggang 2030 Capital Plan](#) (PDF) ng Lungsod ng Vaughan.

TUNGKOL SA VAUGHAN: Ang Lungsod ng Vaughan ay isa sa pinakamabibilis na lumalagong lungsod sa Canada na may populasyong mahigit 344,412. Naitala bilang korporasyon noong 1991, kabilang sa Vaughan ang mga komunidad ng Concord, Kleinburg, Maple, Thornhill, at Woodbridge. Matatagpuan ang munisipalidad na ito na may magkakaibang kultura sa gitna ng York Region at Greater Toronto Area.

KONTAK NG MEDIA:

Lungsod ng Vaughan
Communications, Marketing and Engagement Department
905-832-2281 | corpcomm@vaughan.ca